# Ang katotohanan hinggil kay Romulo Kintanar

Komite sa Karapatang-tao Negotiating Panel National Democratic Front of the Philippines (NDFP)

Sinasabi ng ilang grupo at indibidwal sa ibayong dagat na si Romulo Kintanar ay pinatay ng arresting team ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) nang walang ibang dahilan maliban sa pag-alis sa PKP at paglaban dito. Lubos nilang pinalalabo ang katotohanang si Kintanar ay naging intelligence agent at combat asset ng gubyerno ng Maynila at marahas na nanlaban sa pag-aresto sa kanya.

Ituwid natin ito sa pamamagitan ng mga makatotohang detalye.

### Kilalang *intelligence agent* ng gubyerno ng Maynila

Mula 1992 ay intelligence agent na ng militar at pulisya ng gubyerno ng Maynila si Romulo Kintanar. Gayo'y kombatant siya sa kasalukuyang digmaang sibil sa pagitan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) at ng rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan, na kinakatawan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDFP.

Si Presidente Gloria Macapagal-Arroyo ng GRP mismo ang nagkumpirma na si Kintanar ay *intelligence*  agent ng gubyerno ng Maynila. Iniulat ng The Philippine Star noong 27 Enero 2003 sa hedlayn nitong NPA Admits Kintanar Slay: "Kinumpirma ni Presidente Arroyo na si Kintanar ay nagtatrabaho bilang intelligence agent ng gubyerno noong siya'y patayin."

Maaga pa rito, noong 23 Enero 2003, sinabi ng isang upisyal ni Arroyo sa palasyo ng Malakanyang na si Kintanar ay "konsul-

tant ng Philippine National Police (PNP) at Armed Forces of the Philippines (AFP), subalit kumukubra siya ng sweldo sa Bureau of Immigration and Deportation (BID)" (Philippine Daily Inquirer, Breaking News, 24 January 2003, Communist Party Chief Blamed for Slay of Former NPA Head). Security consultant din siya sa National Electrification Administration (NEA) nang siya'y mamatay.

Ang mga pagsisikap na irekrut si Kintanar sa *military intelligence* ay matagumpay na naisakatuparan mula Marso hanggang Agosto 1992 nang pakunwang arestuhin ni PNP *intelligence officer* Col. Robert



Delfin ang asset niyang si Ricardo Reyes, isang taksil na itiniwalag sa PKP mahigit isang dekada na ang nakararaan, at ilagay sa pinagkukulungan kay Kintanar upang pagtaksilin siya sa rebolusyonaryong kilusan.

Makaraang palayain siya mula sa kulungan sa pamamagitan ng amnesty program ng gubyerno ng Maynila noong Setyembre 1992, ibinunyag ni Kintanar ang paghiwalay niya sa PKP. Nag-umpisa siyang magtrabaho sa serbisyong paniktik ng GRP at lubusang lumahok sa kriminal na mundo ng tiwaling mga upisyal ng militar at pulisya na sangkot sa mga raket na

pamproteksyon, armadong pagnanakaw, kidnapping at murder for hire, at nagtatag pa ng sarili niyang private security agency (Philippine Daily Inquirer, 24 January 2003, Ibid) bilang pantakip sa kanyang mga karumal-dumal na aktibidad.

Kasama ng tiyuhin niyang si Gen. Galileo Kintanar, dating pinuno ng Intelligence Service of the AFP (ISAFP) noong rehimeng Marcos, nasangkot si Kintanar sa pagpatay sa artistang si Nida Blanca at kilalang nag-aareglo sa mga transaksyon ng militar at pulisya nang may bayad. Dalawang araw bago siya mamatay, si Kintanar ay isa sa mga espesyal na panauhin ni PNP chief Hermogenes Ebdane sa 12th founding anniversary ng National Capital Regional Police Office (NCRPO), at nakipagtagayan sa matataas na upisyal ng pulisya (The Philippine Star, 24 January 2003, Ex-NPA Chieftain Slain). Isa pang espesyal na panauhin si Arturo Tabara, na pinuno ng RPA gang, isang pwersang panseguridad ng malaking panginoongmaylupa at kroni ni Marcos na si



Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa:

angbayan@yahoo.com

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas Eduardo Cojuangco sa Negros Occidental.

Noong 2000, matapos maging security consultant para kay Gen. Alexander Aquirre, dating national security adviser ni Presidente Joseph Estrada, si Kintanar ay itinalaga bilang project officer sa planong pagpatay kay Prof. Jose Maria Sison sa The Netherlands. Sinunod niya ang pagdirehe ni Gen. Panfilo Lacson, pinuno ng PNP noon. (Manila Times, 24 January 2003, Ex-NPA Chief Assasinated Inside QC Restaurant) Lumahok din siya sa paqtiktik at iba pang mga operasyong "kontra-insurhensya" ng militar at pulisya laban sa PKP at BHB.

Nang siya'y mamatay, kasama ni Kintanar ang dalawang badigard at siya'y armado ng tatlong baril: isang .45 pistola, isang HK machine pistol at isang pistolang Glock 9mm (Philippine Daily Inquirer, 6 February 2003, Kintanar Lost Rolex, Cash, 3 Guns, Golf Set). Bilang intelligence agent ng GRP, lagi siyang handang makipaglaban sa rebolusyonaryong kilusan.

Isang kasiguruhan na kombatant si Kintanar. Todo-armado siya't mapanganib nang siya'y mamatay. Ang mga datos na ito'y alam na alam sa Pilpinas. Subalit may mga grupo't indibidwal sa ibang bansa na naglalako ng kasinungalingan imbes na sabihin ang katotohanan hinggil sa mga pangyayari sa Pilipinas sa kanilang maruming iskemang siraan ang rebolusyonaryong kilusan sa Pilpinas.

### Sino si Romulo Kintanar bago mag-1992?

Dating chief of staff ng BHB si Romulo Kintanar. Naging notoryoso siya dahil sa kanyang pamumuno sa mga grupong pumatay ng mga pulis-trapiko sa distrito ng Agdao sa Davao City noong 1984, sa panahong dumaloy ang mga maling pag-iisip sa pamunuan ng PKP at

sinang-ayunan nito ang insureksyong urban bilang anyo ng estratehiyang militar. Subalit lingid sa kaalaman ng pamunuan ng CPP, si Kintanar ay nag-umpisa na sa mga kriminal na aktibidad gaya ng pagnanakaw sa mga bangko, panghoholdap at pangingikil.

Nang pamunuan niva ang BHB noong 1986, pinabwelo niya ang kanyang mga gangster na aktibidad sa pamamagitan ng pag-oorganisa "special operations groups" upang lumikom diumano ng pondo para sa kilusan ngunit sa aktwal ay upang itaguyod ang kanyang maluho at dekadenteng istilo ng pamumuhay. Inutusan niya ang mga grupong ito na maglunsad ng kidnap-for-ransom, mangholdap ng mga bangko at iba pang negosyo, magsagawa ng mga operasyon sa pamemeke ng dolyar, at iba pang mga kriminal na aktibidad. Kinorap niva at sinira and mga grupong ito sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng bahagi ng nakaw at pagpahintulot sa kanilang maglunsad ng maliliit na operasyon ayon sa kanilang personal na kagustuhan. Nakipagsabwatan pa nga siya sa mga kriminal na sindikato at mga tiwaling elemento sa militar at pulisva sa mga espesyal na operasyong ito na nauwi sa pagkamatay ng maraming operatiba.

Dinirehe niya ang mga espesyal na operasyong ito nang hindi naguulat at hindi nagpapaliwanag tungkol sa mga ito sa pamunuan ng PKP. Kabilang sa mga espesyal na operasyong ito ang pagkidnap sa negosyanteng Hapon na si Noboyuki Wakaoji at sa may-ari ng Bombo Radyo-Philippines na si Roger Florete at pagholdap sa isang bangko noong kalagitnaan ng 1991 na kumita umano ng mahigit P60 milvon. Ginamit ni Kintanar ang kanyang pusisyon upang payamanin ang kanyang sarili at kanyang mga kasabwat (The Philippine Star, 27 January 2003, Ibid). Nang malantad sa pamunuan ng PKP ang kanyang mga operasyong gangster, pinatigil siya subalit siya'y tumanggi hanggang sa muli niyang pagkaaresto umano noong Agosto 1991.

Si Kintanar din ang pangunahing responsable sa pagpapalawak at pagdadala sa pambansang antas ng estratehiyang insureksyon sa kalunsuran. Ang mga di kinakailangang pagpatay sa mga pulistrapiko sa Metro Manila (200 sa loob ng dalawang buwan) ay nagudyok ng marahas na pagganti mula sa mga death squad ng militar at pulisya na nagresulta sa pagpatay sa anim na abugadong pangkarapatang-tao at maraming prominenteng lider masa noong 1987. Gayundin, naging karaniwang pangyayari qabi-qabi ang maramihang pag-aresto, pagsosona at saturation drive kasama ang mga nakamaskarang ahente sa mga komunidad ng maralitang-lunsod na nagresulta naman sa pagkawasak ng mga organisasyong masa at programang pangkabuhayan.

Pinanagot ng rebolusyonaryong kilusan si Kintanar sa mamamayan dahil sa kanyang mga kriminal na aktibidad at pagkakamaling militar-adbenturista. Imbes na umamin sa kanyang mga krimen at pagkakamali, pinili ni Kintanar na labanan ang kilusan, maghasik ng intriga laban sa PKP, at aktibong lumahok bilang intelligence agent sa pagplano at pagpapatupad ng mga operasyong "kontra-insurhensya" laban sa BHB.

Para sa mga seryosong krimen niya, kinasuhan siya sa rebolusyonaryong hukuman. Nakatagpo ng sapat na ebidensya ang hukuman sa mga krimen niya at nag-isyu ng mandamyento de aresto. Laging armado, mapanganib at gwardyado ng mga badigard, walang arresting team ng BHB ang makalapit sa kanya upang iharap ang mandamyento de aresto hanggang 23

Enero 2003. Subalit noong kritikal na araw na iyon, napilitan ang arresting team ng BHB na barilin siya sapagkat pumostura siyang bubunot ng isa sa kanyang mga baril upang pumalag sa pag-arresto habang minumura ang lider ng arresting team ng BHB (ayon sa kwento ng saksi, si Willie Milan, isang direktor ng pelikula na noo'y kasama sa lamesa ni Kintanar, sa DZMM, isang nangungunang istasyong panradyo sa Maynila). Katunayan, nakabunot na ng baril ang dalawa niyang badigard (Philippine Daily Inquirer, 24 January, Ibid).

### Ang sistemang panghustisya ng rebolusyonaryong kilusan

Ang sistemang panghustisya ng rebolusyonaryong kilusan ng Pilipinas ay ipinatutupad nang naaayon sa mga internasyunal na batas at kumbensyong sumasaklaw sa armadong labanan at ayon sa mga kakayahan nito.

Ang rebolusyonaryong kilusan ay sumasandig sa makatarungang paglilitis bilang pundamental na prinsipyo sa paggawad ng katarungan. Naroroon ito sa Gabay sa Pagtatatag ng Demokratikong Gubyernong Bayan na inilabas noong 1976 at pinagtibay ng Unilateral Undertaking to Apply the Geneva Conventions and Its Protocols ng NDFP noong 1996.

Sapat nang naipakita sa praktika ng rebolusyonaryong kilusan ang komitment nito sa naaayong proseso sa pagtrato sa mga bihag ng digma (prisoners of war o POW) at saksi rito ang International Committee of the Red Cross (ICRC) sa partisipasyon nito sa pagpapalaya ng mga POW ng BHB sa batayang makatao sa maraming pagkakataon sa nakaraan.

Sa kaso ni Romulo Kintanar, isang kompitenteng lupon ng mga tagausig sa rebolusyonaryong kilusan ang gumawa ng komprehensiKabilang sa mga
pinakaaktibong
tagapanira ng PKP at BHB
sina Ricardo Reyes
at Sixto Carlos
na ginagamit ang ugnay
nila sa mga grupong
Trotskyite at mga makakanan sa nongovernmental
organizations upang
magkalat ng
kasinungalingan laban sa
rebolusyonaryong kilusan.

bong imbestigasyon ng mga kaso laban sa kanya. Naq-interbyu ito ng mga saksi at nag-ipon ng ebidensya bago inihanda ang listahan ng mga sakdal at inihapag ito sa hukumang bayan. Sa tulong ng mga tagapamagitan, ipinaalam kay Kintanar ang mga kaso laban sa kanya sa pamamagitan ng sulat. Subalit imbes na sumagot sa mga kasong ito, pinili ni Kintanar na maging aktibong kombatant laban sa rebolusyonaryong kilusan habang ipinagpapatuloy ang kanyang mga kriminal na aktibidad sa proteksyon ng kanyang mga superyor at kasabwat sa reaksyunaryong militar at pulisya. Kaya hiniling ng mga tagausig sa hukumang bayan na magpalabas ng mandamyento de aresto laban sa kanya.

## Paninira sa rebolusyonaryong kilusan sa ibayong dagat

Lantarang kasinungalingan para sa anumang grupo o indibidwal na sabihing si Kintanar ay pinatay sa simpleng paglisan at paglaban sa PKP. Si Kintanar ay isang kombatant at kriminal na marapat lamang iharap sa hukumang bayan upang panagutan ang mga kaso laban sa kanya. Ngunit pinili niyang lubusang mag-armas at palibutan ang sarili ng mga badigard upang pigilin ang mapaya-

pang paghapag sa kanya ng mandamyento de aresto. Tinangka niya ring marahas na palagan ang pagaresto sa kanya nang dadakpin na ng *arresting team* ng BHB.

May mga grupo at indibidwal sa ibayong dagat na nagkakalat pa ng kasinungalingang pinatay ng BHB si Filemon "Popoy" Lagman, dating myembro ng PKP, noong Pebrero 2001. Dapat nilang pakinggan si Edcel Lagman, kapatid ni Popov at dating kongresman, na nagsabing "kailanma'y hindi umamin ang NPA sa kaso (ni Popoy)."Daqdaq pa niya: "ang posibleng utak sa likod nito ay isang kandidato sa pagkasenador noong eleksyon ng Mayo 2001. May hawak na impormasyon si Popoy na maqdidiin sa kanya. Ang kandidatong ito'y may akses sa mga sopistikadong kagamitan upang tumpak na masubaybayan ang mga komunikasyon ni Popov." (Philippine Daily Inquirer, 6 February 2003, Popoy Lagman Killers Still 'Out There', Says Kin)

Bilang pag-ulit sa mga ulatpaniktik ng militar ng gubyerno ng Maynila, may binabanggit ding diumano'y hit list ng BHB ang mga grupo't indibidwal na ito, na para bang mapagkakatiwalaang totoo at tumpak ang mga ulat na ito. Tinawaq ng PKP na gawa-gawa lang ng Malakanyang ang ulat tungkol sa hit list at sinabing kabalintunaan ang terminong military intelligence dahil sa kamangmangan ng militar (Philippine Daily Inquirer, 27 January 2003, Communist Call 'Hit List' Malacañang 'Concoction'). Sa paggawad ng katarungan, ang BHB sa pamamagitan ng mga taga-usig ay kumukuha muna ng mandamyento de aresto mula sa rebolusyonaryong hukumang bayan, sa pamamagitan ng paghapag ng reklamo at sapat na ebidensya. Hindi nagsasagawa ng anumang opensibang aksyon ang BHB laban sa sinumang indibidwal na suspek nang

walang makatwirang dahilan.

Di kuntento sa mga nabanggit na kasinungalingan, ang mga grupo at indibidwal na ito ay gumawa ng napakabulaang akusasyon na dati nang may kaalaman si Prof. Jose Maria Sison sa sasapitin ni Kintanar. Ang totoo'y naglabas si Prof. Sison ng pahayag isang araw matapos ng patayin si Kintanar, at itinanggi niyang may kinalaman siya sa pagpatay at nagpahiwatig ng tatlong popular na teorya tungkol dito, kabilang pa ang posibilidad na maaaring qinawa ito ng BHB. (Annex 5, Romulo Kintanar Had Too Many Rivals and Enemies in the Criminal World of Military and Police Operatives, Press Statement, Prof. Jose Maria Sison, January 24,

Mula pa nang magkaroon
ng talaan ng mga
"terorista", nagtodo-larga
na ang rehimeng US-Arroyo
sa brutal na kampanya
nito ng panunupil
laban sa mamamayan
at rebolusyonaryong
kilusan.

2003). Dalawang araw pagkatapos, ang Tagapagsalita ng PKP na si Gregorio Rosal ang nag-anunsyo hinggil sa pagpatay. (Annex 6, It Was Absolutely Correct to Apprehend and Punish Romulo Kintanar, Press Statement, Gregorio Rosal, January 26, 2003).

Ilan sa mga naninira sa rebolusyonaryong kilusan ng Pilipinas ay mga taksil. Matapos mabigo sa naunang tangka na wasakin ang kilusan mula sa loob, nariyan naman sila ngayon upang dungisan ang pangalan nito sa ibayong dagat sa hanay ng mga kapanalig at kaibigan. Bukambibig nila ang pagtataguyod sa demokrasya at karapatang sibil subalit naging napa-

kalupit sa pag-atake sa PKP at BHB sa mga pinaka-di-demokratikong paraang posible. Subalit hindi kailanman mabubura ng kanilang mga kasinungalingan ang katotohanang si Kintanar ay kombatant at kriminal, na si Lagman ay hindi pinatay ng BHB, at na walang hit list ng BHB.

Kabilang sa mga pinakaaktibong tagapanira ng PKP at BHB sina Ricardo Reyes at Sixto Carlos na ginagamit ang ugnay nila sa mga grupong Trotskyite at mga maka-kanan sa non-governmental organizations upang magkalat ng kasinungalingan laban sa rebolusyonaryong kilusan. Ang internasyunal na kampanya ng demonipikasyon laban sa PKP, BHB at kay Prof. Sison ay tumutuqma sa paglakip ng US at iba pang pro-US na gubyerno sa mga ito sa listahan ng mga "terorista" at sa sumasahol na kampanya ng paglabag sa mga karapatang-tao na isinasagawa ng militar, pulisya at mga pwersang paramilitar ng rehimeng US-Arroyo gamit ang sangkalang kontra-terorismo.

Mula pa nang magkaroon ng talaan ng mga "terorista", nagtodo-larga na ang rehimeng US-Arroyo sa brutal na kampanya nito ng panunupil laban sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan. Nitong 31 May 2003, mayroon nang mahigit sa 2,010 nakatalang kaso ng paglabag ng rehimen sa karapatang-tao, kabilang ang pagpatay sa "30 di-armadong sibilyan, na tatlo ay mga aktibistang pang-karapatang-tao at 27 ay aktibista sa komunidad, at karamiha'y mga myembro ng pampulitikang partidong Bayan Muna" (Amnesty International Report 2003, All Index: ASA 35/002/2003). Ginagamit ng rehimeng US-Arrovo ang digma ni Bush laban sa terorismo bilang kumbinyenteng panakip-butas sa sarili nitong tipo ng terorismo ng AB estado.